## Mga pagsusuri para sa maagang pagtuklas ng kanser

Ang Australya ay may tatlong programa ng pagsusuri sa kanser. Gumagamit ang mga programang ito ng mga simpleng pagsusuri upang makita ang mga maagang palatandaan ng kanser sa bituka, suso at matris. Ang maagang pagkatuklas ng kanser ay ginagawang mas madali ang paggamot, at mas malaki ang tsansang mabuhay.

Ang mga pagsusuri ay para sa mga tao na walang mga palatandaan ng kanser. Kung ikaw ay may mga palatandaan ng kanser, sabihin mo ito sa iyong doktor.

Ang tatlong pagsusuri ay libre kung mayroon kang berde o asul (pansamantalang) Medicare card. Kung wala kang Medicare card, itanong sa iyong doktor kung magkano ang mga pagsusuri.

**Ang pagsusuri para sa kanser ay maaaring magligtas ng iyong buhay.**

Kung nais mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagsusuri para sa kanser sa bituka, suso o matris, bisitahin ang

- cancersa.org.au
- breastscreen.sa.gov.au
- ncsr.gov.au

Kung kailangan mo ng suporta matapos kang madayagnos na may kanser, tawagan ang **Cancer Council SA** sa **13 11 20**.



Ang mapagkukunang ito ay nilikha ng Cancer Council SA at BreastScreen SA, na ang pag-print at pagsasalinwika ay pinondohan ng Country SA PHN.

Breast Screen SA

Government of South Australia
SA Health

phn COUNTRY SA
An Australian Government Initiative

Cancer Council SA

Para sa libre* at kumpidensyal na impormasyon at suporta tungkol sa kanser, Lunes hanggang Biyernes, 9.00 ng umaga – 5.00 ng hapon:

- tawagan ang Cancer Council sa **13 11 20**
- makipag-chat sa online sa **cancersa.org.au**
- mag-email sa **askanurse@cancersa.org.au**

May makukuhang libreng* serbisyo ng interpreter sa **131 450.**

*Halaga ng isang lokal na tawag

Na-review noong Pebrero 2025

Filipino

Cancer Council SA

# Mga pagsusuri upang matuklasan nang maaga ang kanser

### Impormasyon tungkol sa mga programa sa pagsusuri ng kanser sa Australya



Maagang pagtuklas ng kanser

Impormasyon at suporta
**13 11 20**
**cancersa.org.au**




# Maagang pagtuklas ng kanser sa bituka

Ang Australya ay mayroong National Bowel Cancer Screening Program. Gumagamit ang programa ng isang simpleng pagsusuri upang matuklasan ang mga maagang palatandaan ng kanser sa bituka, kadalasan ay bago mo mapansin ng mga palatandaan. Ang pagsusuri ay ipapadala sa iyong bahay.

Lahat ng mga Australyano na may edad 45–74 ay dapat gawin ang pagsusuri sa kanser sa bituka tuwing dalawang taon.

**Edad 45–49:** Um-order sa online ng iyong unang pagsusuri sa kanser sa bituka. Pagkatapos nito, awtomatiko kang makakatanggap ng bagong pagsusuri kada dalawang taon.

**Edad 50–74:** Padadalhan ka ng pagsusuri sa kanser sa bituka kada dalawang taon nang hindi na kailangang um-order nito.

### Inirerekomenda ng Cancer Council SA ang:

- Pagkumpleto at pagbabalik ng iyong test kit kapag dumating ito sa koreo.
- Pagpapatingin sa iyong doktor kung mayroon kang mga palatandaan ng kanser sa bituka. Kasama sa mga palatandaan ang pagdurugo mula sa iyong puwit, may nakitang dugo sa toilet o sa toilet paper matapos kang dumumi, hindi maipaliwanag na paninigas ng dumi (tibi) o pagtatae, o hindi maipaliwanag na pagkapagod.
- Pagpapatingin sa iyong doktor kung mayroon kayong kasaysayan sa pamilya ng kanser sa bituka.

**I-scan ang QR code upang:**

- **Um-order ng iyong unang test kit, o isang kapalit na test.**
- **Humanap ng impormasyon sa inyong wika.**



# Maagang pagtuklas ng kanser sa suso

Nag-aalok ang BreastScreen SA ng libreng screening mammogram upang matuklasan nang maaga ang kanser sa suso. Ang mammogram ay x-ray ng mga suso.

Ang mga screening mammogram ay para sa mga babaing may edad na 40 at mas matanda pa, lalo na sa mga may edad na 50–74.

I-scan ang QR code o tawagan ang BreastScreen SA sa 13 20 50 para i-book ang iyong libreng mammogram. Maaari silang mag-book ng babaing interpreter para sa iyong appointment nang walang bayad.

Lahat ng mga tauhan ay babae. Hindi mo kailangan ng referral mula sa iyong doktor para makadalo.

### Inirerekomenda ng Cancer Council SA at BreastScreen SA ang:


- Pagkakaroon ng libreng screening mammogram kada dalawang taon.
- Pag-alam sa normal na hitsura at pakiramdam ng iyong mga suso upang mapansin mo ang anumang mga pagbabago. Kasama sa mga pagbabago ang isang bukol, pagtagas sa utong, o anumang iba pang pagbabago na hindi normal para sa iyo.
- Magpatingin sa iyong doktor kung may napansin kang anumang pagbabago, dahil hindi angkop sa iyo ang screening mammogram.

### Bisitahin ang breastscreen.sa.gov.au:

- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapa-mammogram.
- Para sa impormasyon sa inyong wika.

**I-scan ang QR code upang:**

- **I-book ang iyong mammogram appointment sa online.**



# Maagang pagtuklas ng kanser sa matris

Ang pagiging nabakunahan laban sa human papillomavirus (HPV) at paggawa ng regular na pagsusuring cervical screening ay maaaring makapigil ng kanser sa matris.

Ang mga kababaihan at taong may matris na may edad 25–74 ay dapat gawin ang pagsusuri tuwing limang taon sa isang klinikang medikal. Maaari mong piliing gawin ang pagsusuri nang sarili mo (self-collection), o maaaring gawin ng doktor o nars ang pagsusuri para sa iyo.

### Inirerekomenda ng Cancer Council SA ang:

- Pagbabakuna laban sa HPV. Ang bakuna ay libre para sa mga taong may edad na 12–25. Kumuha ng bakuna sa isang botika o klinikang medikal. Ang mga bata sa Year 7 ay inaalok ng bakuna sa paaralan.
- Pagkakaroon ng Cervical Screening Test mula sa edad na 25.
- Sa paggawa mo ng iyong appointment, humiling ng interpreter kung kailangan mo nito. Maaari ka ring humiling ng babaing doktor o nars kung gusto mo.
- Magpatingin sa iyong doktor kung mayroon kang anumang mga palatandaan ng kanser sa matris. Kasama sa mga palatandaan ang pagdurugo sa pagitan ng iyong pagreregla o masakit habang nakikipagtalik.

**I-scan ang QR code** para sa **karagdagang impormasyon tungkol sa cervical screening, kabilang ang opsyon sa self-collection.**